Materials for fish cage construction are being brought-in almost daily into the area, says Zaide Remocal, BFAR RO2 technician.

Magat Dam and Reservoir has total water area of 4,500 hectares. The law stipulates that 10% of this can be used for fish farming purposes.

"We shall continue to disseminate aquaculture technologies and create proper conditions for the industry to prosper. This is one of the priorities at the national level," BFAR RO2 Regional Director, Dr. Nelson B. Bien, said.  Maximino Prudencio.

Pagbubukas ng CFLC sa ilang bayan, sinimulan

Dinagsa kumakailan ng mga mamimili ang Community Fish Landing Center (CFLC) ng Sanchez Mira, Cagayan dahil sa murang presyo ng tilapia rito.

Sa isinagawang 'dry-run' sa CFLC ng bayan, ika-13 ng Disyembre, napababa ng BFAR, lokal na pamahalaan, at mga fisherfolk ang presyo ng tilapia dahil sa napaisi ang ruta ng huling isda mula sa prodyuser hanggang sa konsyumer.

Batay sa napag-usapan ng Municipal Agriculturist ng bayan, fisherfolk association president, Provincial Fisherfolk Officer Venchito Villarao at iba pang may kinalaman sa sektor ng pangisdaan; sa dating kalakaran ay dumaraan muna ang mga huling isda sa ilang kamay o market layers bago makarating sa pamilihan -- na siyang nakapagpapataas ng presyo nito.

Nasabi pa na ang mga market layers tulad ng tumbador at kitong-kitong ang siyang nagtatakda ng presyo.

Anila dito na papasok ang CFLC upang mapaiksi ang daloy ng merkado ng isda na siyang magdudulot ng mababang presyo.

Tinalakay rin ang pagkakaroon ng pederasyon ng mga mangingisda, maging ang kompyutasyon sa maaaring kitain mula sa CFLC.


Napag-usapan din sa pulong ang paghahanda ng mga kakailanganing papeles para sa tuloy-tuloy na operasyon nito.

Ani Sanchez Mira Mayor Asela Sacramed, suportado niya ang programa ng BFAR dahil sa ang pagbaba ng presyo ng isda ay isa sa

mga nais niya para sa kanyang mga mamamayan.

Sabi ni PFO Villarao, magandang simula ang naganap na 'dry run' kaalinsabay sa layunin ng ahensya na itaas ang produksyon ng isda sa mga marine water area.

Ang CFLC, ay programa sa ilalim ng Targeted Action to Reduce Poverty and Generate Economic Transformation (TARGET), ito ay may layuning pahasayin ang socioeconomic welfare ng fisheries sector at protektahan ang sustainability ng aquatic resources.

Maliban sa Sanchez Mira, nagkaroon din ng 'dry run' ng CFLC sa mga bayan ng Camalaniugan at Claveria, Cagayan. Nakatakdang susunod na magkakaroon ng 'dry-run' ang mga CFLC ng Aparri, Cagayan at Ramon, Isabela.  Jackie Mark de la Cruz

Laboratory experiment sa pagpaparami ng *Ulva spp.*, tagumpay

Naging matagumpay ang eksperimento sa pagpaparami ng *Ulva spp.* na ginawa ng BFAR Cagayan Valley sa pangunguna ni Verde Island Passage Center for Oceanographic Research and Aquatic Life Sciences (VIP CORALS) Center Head at Batangas State University Assistant Professor Dr. Jayvee Saco, ika-2 hanggang ika-7 ng Oktubre.

Si Saco ang pangunahing tagapagsalita sa isinagawang "Training on Culture Technology of Green Seaweeds" kung saan tinalakay niya, Martes, ang mga paksang What is Seaweed?, Ecophysiology of Seaweeds, Alternative Seaweed Species for Farming: *Monostroma* and *Ulva spp.*, at Preparation of Materials for Collection and Sample Processing for Inducing Maturity and Zoids Phototaxis in *Ulva* and *Monostroma spp.*

Pagkatapos ng lektiyur, Martes ng gabi, inihanda ni Saco, kasama ang mga taga-BFAR, ang mga gagamitin sa eksperimento at sama-sama itong pumunta sa baybayin ng Claveria at Pagudpud upang manguha ng *Ulva*



spp. samples na siyang gagamitin sa pananaliksik.

Dinala nila ang mga samples, Miyerkules ng hapon, sa laboratoryo ng BFAR R02 at pinroseso. Natapos ang eksperimento, Linggo, na may kanais-nais na resulta.

Maliit na genus ng marine at brackish water green algae ang *Ulva spp.*, na kilala rin sa tawag na sea lettuce. Nakakain ito, at karaniwang nakakalat sa mga baybayin ng mga karagatan sa mundo.

Sa Pilipinas, hindi ito karaniwang kinakain at hindi pa isinasagawa ang pagpaparami nito. Mayroon itong potensyal pang-eksport sa mga karatig-bansa gaya ng Tsina at Korea.

Sa kasalukuyan, pinag-aaralan ng BFAR R02 ang pagtatayo *Ulva spp.* farms sa mga bayan ng Sta. Ana at Claveria. Kung mangyayari ito, ang ahensya ang kauna-unahang tagumpay na makapagpaparami ng *Ulva spp.* sa bansa. ❏ Jackie Mark de la Cruz

BFAR, Simbahan nagsagawa ng pagsasanay



Labis-labis ang pasalamat ng mga miyembro ng asosasyong Search Dev Mabasa and Lamo sa pagsasanay na ipinagkaloob sa kanila ng BFAR R02.

Sa isinagawang Training on Minced Fish Processing - Tilapia recipes sa Riverside West Plaza, Mabasa, Dupax del Norte, Nueva Vizcaya nitong ika-15 ng Nobyembre, itinuro sa mga miyembro ng asosasyon ang tamang paraan ng pagluluto sa mga patok sa masang fish longganisa, fish burger,

fish nuggets, fish ball, breaded fish stick, fish tocino, fish lumpia, at fish roll.

Pinangunahan nina Delia Guzman, OIC ng HRMU at records unit, Zenaida Ignacio, senior aquaculturist, Jenaiza Pattung, FLDT ng PFO Nueva Vizcaya, at Jim Bryan Taruc, technical staff, ang pagsasanay.

"Mayat ta makatulong kanyami ta awan met iti [regular nga] trabaho mi. Adda met ibangbangko ti asosasyon

mi nga nasurok Php 3,500. (Maganda dahil makakatulong ito sa aming walang regular na trabaho. Mayroon na ring ipon na higit tatlong libo't limang daang piso ang aming asosasyon.)" pahayag ng isa sa mga kalahok na si Violeta Fabionar.

Ani Marcy Mabor, program manager ng social commission action ng Diocese of Bayombong na siyang tumutulong sa asosasyon, humingi sila sa BFAR ng pagsasanay dahil alam nilang malaki ang maitutulong ng ahensya sa kanilang mga proyekto para sa mga mamamayan.

Dagdag ni Mabor, bahagi ng Livelihood Search Development Project ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) na nagsimula noong Hunyo ng taong 2017 ang kanilang ginagawang pagtulong na may layuning maihanda ang mga mamamayan sa sakuna at matulungang magkaroon ng kabuhayan.

Organic tilapia farming found feasible



TUGUEGARAO CITY, Cagayan – Wary of possible chemical residues in the food you eat? In search for healthier food option?

Well, worry no more, as the Bureau of Fisheries and Aquatic Resources in Region 02 has recently shown viability of growing fish without the need for expensive commercial feeds and other inputs.

The demo was made at the farm of Imelda Bangloy in Gamu, Isabela. Total harvest was 348 kilos after six months culture period. Harvest size was at an average of 200 grams.

Following the protocol on organic

tilapia farming, thorough but chemical-free pond preparation was made, followed by fertilization. Fertilizer used was vermicast applied at rate of 1,000 to 2,000 kg per hectare per month.

After which, the pond measuring 1,500 square meters was stocked with size 4,500 tilapia at stocking density of three fingerlings per square meter. This is lower compared to the five pieces fingerling per square meter recommended for semi-intensive culture of tilapia. The lower stocking density aims to maximize utilization of natural food, which is made available with application of organic fertilizer.

Fertilizer was re-applied every

month using same rate.

Feeding rate was computed at 10% during the first month and gradually reduced to 2% towards the end of the six-month culture period. Instead of commercial fish feeds, the demo utilized a specially formulated organic feed made of 40% fish meal, 30% copra meal, 20% D1 darak, and 10% first class flour. Other feeds utilized were duckweeds and water spinach (kangkong).

“Organic farming promotes farm made feeds using available local raw materials,” Rhodamel Soriano, Project Leader on Organic Tilapia, said.

Although yield is lower compared to the usual semi-intensive culture (with commercial feeds), capitalization for organic tilapia is also much lower. Hence, sales from this project is Php 38,300.00 with net income of Php 13,047.00. Income can be much higher, as the produce can be priced higher since it is organic, Soriano said.

This project is pursuant to RA 10068 (An Act Providing for the Development and Promotion of Organic Agriculture in the Philippines). Maximino Prudencio.

Groundbreaking Ceremony para sa Community Fish Landing Center ng Sta. Teresita naganap

Mas magiging masigla ang sektor ng pangisdaan ng Sta. Teresita, Cagayan oras na matapos ang ipapatayong Community Fish Landing Center o CFLC sa bayan, ayon kay BFAR RO2 OIC Regional Director Nelson Bien sa naganap na groundbreaking ceremony, ika-8 ng Nobyembre.

“Masuwerte kayo dahil ang mga lugar na binibigyan ng CFLC ay nagiging masigla. Bakit? Lahat ng mga bangkang may huli, ibababa rito ang isda.”

Paliwanag ng direktor, ang establisyementong ipapatayo ay magiging marketing site ng mga mangingingisda, at makakatulong upang maiwasan ang pamamarat sa kanilang mga paninda.

“Pag dito ibinaba ng mangingingisda ang lahat ng kanyang huli, nandito ang lahat ng mamimili, magkakaroon ng kompetisyon -- pataasan ng presyo -- at ano’ng mangyayari sa mangingingisda, mabebenta niya ng mas mahal, mas mataas kaysa kung saan-saan ibebenta.”

Mayroong tatlong malalaking freezer ang 3-milyon halagang proyekto, na paglalagyan ng mga benepisyaryo ng kanilang mga paninda oras na binabarat na ito o hindi naitinda -- para maibenta pa kinabukasan, at mga stalls.

Ipinahayag ni Sta. Teresita Mayor Lolita Garcia ang kanyang kagalakan at napili ang bayan na makatanggap ng CFLC; hinikayat niya ang kanyang

nasasakupan na panatilihin malinis ang mga pasilidad nito.

Binanggit rin niya ang maraming naitulong ng BFAR sa bayan gaya ng crab fattening project, fish cage, at mangrove plantation.

Sinabi naman ni CFLC focal person Dr. Ronaldo Libunao, maliban sa magagamit ang proyekto bilang pamilihan ng isda, magiging pasilyo rin ito para sa mga gagawing pagsasanay na isasagawa ng BFAR gaya ng paggawa ng tinapa at pagpoproseso ng halamang dagat.

Pinayuhan niya ang mga mangingingisda na ingatan at mahalina ang proyekto para magamit sa matagal na panahon.

36 fiberglass boats at iba pang gamit pangisda ipinamahagi sa mga mangingisda

Namahagi ang BFAR RO2 sa pangunguna ni OIC Regional Director Nelson Bien ng 12 fiberglass fishing boats, mga bottom set gill net at troll line sa mga mangingisda sa San Isidro, Buguey, Cagayan nitong ika-16 ng Nobyembre.

Nasa 36 indibidwal ang nakatanggap ng mga fiberglass boat -- o isang bangka sa tatlong tao -- at iba pang mga kagamitan bilang tulong pangkabuhayan ng ahensya sa mga mangingisda.

Isa sa mga napagkalooban ng bangka si Rolly Angeles, aniya, ipinagpapasalamat niya ang tulong na ipinagkaloob ng BFAR dahil mayroon na siyang mapagkakakitaan para sa pamilya.

Nanawagan naman si RD Bien sa mga mangingisda't lokal na pamahalaan na magtulong-tulong upang makakuha ng isang malaking bangka.

Inihayag din niya ang kanyang pangarap na magkaroon ng



organisasyon ng mangingisda na mamamahala ng purse seine dito sa Rehiyon Dos.

"Inaasahan ko na sa darating na mga araw ay hindi lamang ito [ang mga kagamitan] kundi palalakihin natin 'yan sa tulong ni Mayor, ni MAO, at ng provincial government."

Nagpasalamat naman si Buguey Mayor Lloyd Antiporda sa BFAR dahil sa hindi nagsasawa ang ahensya na tumulong sa mga mangingisda.

Nasa awarding ceremony rin sina Buguey MAO Danilo Rumpon, Buguey MFARMC Arnel Dela Cruz, at Peace Corps volunteer Carolyn Kilgore.

☒ Jackie Mark de la Cruz

Mga kabataan natutong mag-fishpond



Na-harvest noong Sabado ika-10 ng Nobyembre ang polyculture techno-demo project ng BFAR sa Brgy. La Swerte, Amulung, Cagayan.

Cooperator – beneficiary nito ang Generous People Scholarship Foundation na pinamamahalaan ni Rev. Fr. Apolinard Mateo.

Sa pamamagitan ng techno-demo project, natuto ang pitong kabataang iskolar ng nasabing foundation na mag-maintain ng palaisdaan. Ani ni Fr. Mateo "higit pa sa kikitain, ang benepisyo ng proyekto ay ang experience, skills and knowledge gained by the kids, which they can use later in life."

Nasabi rin ni Fr. Mateo na gagamitin ang kikitain sa proyekto para i-roll over at i-expand sa iba pang mga fishpond sa kanilang area.

"Malaki ang naitulong ng BFAR dito sa amin, technically. Kung dati parang gubat ngayon ay maayos na. Dati rin ay maliliit ang aming napropodyus ngayon ay malalaki na," sabi ni Fr. Mateo.

Ang BFAR RO2 ay nagpapasalamat kay Fr. Mateo sa pagkakataong makatulong sa nasabing Foundation.




Gawad
Saka

NATIONAL WINNER
*Culture Fisheries
Category*

HOW A FORMER **FARM WORKER** BECAME A BIG-TIME **HATCHERY OPERATOR**

Vicente 'Dodong' B. Lugagay
Rizal, Santiago City, Isabela



For 53-year-old Vicente 'Dodong' B. Lugagay, there is nothing impossible with perseverance. Despite very humble beginnings, he rose to become an epitome of a successful fish farmer in the province of Isabela.

Mr. Lugagay was able to amass considerable assets in a short span of time, despite being a relatively recent resident of Santiago City. He applied all the learning on fish culture he had from his former company to his fledgling tilapia hatchery business and transformed it into a reputable source of quality fish seed material. He did this alongside the application of good business sense and astute financial management.

Mr. Lugagay's farm (JAVE Farm) located in Brgy. Rizal, Santiago City, supplies fingerlings not only in Isabela but also in other provinces such as Nueva Vizcaya, Cagayan, Pampanga and the Cordillera Administrative Region. He does this thru innovative, cost and time efficient, and environment-friendly technologies.

For being 2018's Gawad Saka Winner on Fish Culture Category, Mr. Lugagay bagged a total of Php

300,000.00 in prizes from the national and regional levels.

Green water technology

Mr. Lugagay significantly cuts on feed costs and ensures viability of his fishponds by using green water technology during breeding stage. The technology entails pond fertilization using chicken manure to produce natural food (planktons and moina). Compared to commercial feeds, the use of natural food is more appropriate during breeding stage since it prevents breeders from expelling their eggs during mouth brooding. Mr. Lugagay also uses alternative fish feeds such as duckweeds, azolla and dried soft-shelled shrimp (for high protein diet). Homemade probiotics are also utilized to bring vigor to his breeders and prevent mortality during summer.

A special pump installed in his conditioning tanks, instead of the conventional flow-through and aeration system, allows for a more sturdy fingerlings thereby higher survival rate. Sex reversal is achieved in only four days, instead of the usual 21 days. Using all these technologies, he achieves average monthly production of three to five hundred thousand fingerlings per month.

His fingerlings are climate change adaptable. This is achieved by crossbreeding specific tilapia strains.

Marketing strategy

Mr. Lugagay knows when to speed up production to cope up with demand and also seeks new markets, when sales are low. As a marketing strategy, he gives generous commission to agents who can close a deal. Incentives aside, performance of his fingerlings most often serves as advertisement in themselves, that is why a lot of his buyers are repeat customers.

As a reputable source of fingerlings, Mr. Lugagay sees to it that every sales comes with technical advises for the whole duration of the culture period, to ensure success of his buyers.

Bureau of Fisheries and Aquatic Resources Region 02 Regional Director Dr. Nelson B. Bien was elated with this development and said that the region needs more winners and fish farm operators like Mr. Lugagay in order to bring about much needed increase in fisheries production in Region 02.

✉ Maximino Prudencio.

2 pygmy killer whale na naligaw sa pampang ng Sta. Ana naibalik sa dagat



Matagumpay na nakabalik sa dagat ang dalawang pygmy killer whale, ika-17 ng Agosto, matapos maligaw ang mga ito sa pampang ng Sta. Ana, Cagayan.

Ayon kay Dr. John Henry Centeno III, Fishing Regulations Officer 1

ng BFAR, unang namataan ng mga miyembro ng Philippine Coast Guard (PCG) at concerned citizens ang mga lumba-lumba, Biyernes, San Vicente, Sta. Ana.

Sinubukang palanguyin nina CPO Jesus Manzano, PCG Station

Commander CGSS Sta. Ana at SN2 Christian Hope Caberoy ang mga dolpin papunta sa dagat subalit bumabalik ang mga ito sa pampang kaya't napagkasunduan nilang dalhin muna ang mga ito sa istasyon ng BFAR bayan ng Sta. Ana.

Walang nakitang galos sa mga ito dito kaya't pinagpahinga lamang, at bandang alas-kuwatro ng hapon, Sabado, matagumpay na nakalangoy ang mga ito pabalik sa dagat.

Tinatayang nasa 150-kilos ang timbang ng mga killer whale, may 2.3-metro ang haba ng lalaki samantalang nasa 2.2-metro naman ang babae.

Hindi pa tiyak ang dahilan ng pagkaligaw ng mga dolpin pero marami ang maaaring naging dahilan, ayon kay Centeno, kagaya ng masamang panahon, pagkakamali sa kanilang nabigasyon, at ilegal na pangingsida. ❏ Jackie Mark de la Cruz.

Social enterprise ipapatupad sa CFLC ng Claveria, Cagayan

Naganap noong ika-18 at ika-19 ng Oktubre ang Enterprise Development Training para sa mga mangingisda ng Claveria, Cagayan. Ang pagsasanay ay patungo sa pagkakaroon ng Business Plan ng kanilang Community Fish Landing Center at kaakibat nitong proyektong pangkabuhayan para sa mga benepisaryo nito.

Sa pamumuno ng BFAR RO2, katulong ang kanilang Mayora na si Dr. Celia T. Layus, at kanyang mga tauhan, napagusapan at naisaayos ang kanilang plano para sa operasyon ng CFLC o ang kanilang Operation and Management Guide, kabilang na ang proyektong pangkabuhayan para sa fisherfolk-beneficiaries na fish trading at commercial fishing vessel.

Napagkasunduan din ng mga fisherfolk na bubuo sila ng kooperatiba para mamahala sa CFLC.

Kung maipapatupad, ito pa lang ang kauna-unahang fisherfolk cooperative dito sa Rehiyon dos, na kung saan daan-daang mangingisda ang puwedeng makinabang sa



pamamagitan ng access to credit, easier access to market, fair share (if not higher share) in the value of their catch, better post-harvest handling and processing.

Makikinabang din ang mga ordinaryong mamamayan sa

pamamagitan ng posibleng pagbaba ng retail price ng mga isda at sa iba pang social services ng CFLC, tulad ng organizational development and strengthening of fisherfolk, sustainable fisheries management, knowledge and information sharing at mga proyektong pang-Coastal Resource Management.

BFAR nakiisa sa International Coastal Clean Up 2018

Nakiisa ang BFAR RO2 sa idinaos na International Coastal Clean-Up 2018, ika 25 ng Setyembre sa San Vicente, Sta. Ana, cagayan.

Sama-samang namulot, ang kinatawan nitong dumalo, sa mga lugar malapit sa baybayin ng San Vicente kasama ang mga opisyal at kawani mula sa Department of Environment and Natural Resources, Philippine Coast Guard, Philippine Navy, Philippine National Police, Cagayan Economic Zone Authority, Philippine Marines, Palau Environmental Protectors Association, mga mag-aaral at mga guro ng San Vicente Elementary School, grupo ng indigenous people, at mga residente ng Barangay San Vicente na kinabibilangan ng kanilang pamahalaang pambangay at SK Federation.

Kilala ang International Coastal



Clean Up sa buong mundo bilang ang pinakamalaking boluntaryong pagtutulungan ng mga mamamayan para malinis ang karagatan at lagusan ng tubig. Dito, nagkakaisa ang ibat-ibang organisasyon ng bansa upang linisin ang mga kalat sa tabing-dagat.

Batay sa pag-aaral ng United Nations, tinatayang higit 13-million metric tons ang dami ng plastik na napupunta sa karagatan bawat taon -- o isang punong garbage truck kada minuto na nakakaapekto sa nasa 800 uri ng hayop sa buong mundo.



Educational Tour - The Rural Improvement Club-Luttuad of Diffun, Quirino embraced the educational tour commitment of BFAR 02 Regional Director Nelson B. Bien last November 19-21, 2018 at Bataan, Bataan.

Together with PFO Christopher B. Casco, FPD- Post-harvest Section staff Glenys Llanto, RIC Coordinator Liza Guano and PLGU-AT for Fisheries Yolanda Guerrero, RIC Luttuad visited and learned from several fish processing establishments in Bataan like Amanda's Marine and Smoked Products, Alba's Fish Processing Industry and Carlo's Tuna.

The group is expected to re-echo their learnings on smoked-fish making, bottling, canning and post-harvest protocols that they acquired during the tour to their families and to the community.

PFO-Quirino together with MLGU-Diffun and PLGU extended their gratitude to the Bureau, OIC RD Nelson B. Bien and Dr. Severina Bueno, FPD Chief for the opportunity granted to the active RIC group supported by BFAR in the province of Quirino.

Paano hatihatiin ang Php 10 million? - Nagpulong kamakailan ang mga opisyal at tauhan ng LGU Claveria at BFAR RO2 upang pag-usapan kung saan ilalaan ang Php 10 million na napanalunan ng bayan bilang top 3 sa Malinis at Masaganang Karagatan (MMK) Search for Outstanding Coastal Community National Level taong 2017.

Sa pamumuno ni MA Marlyn Dalire at Dr. Emma Ballad ng FMRED, napagusapan na ilalaan ang premyo sa mga proyektong lalo pang magpaunlad sa fisheries sector ng Claveria, tulad ng: payao, fish cages, training, business capital and livelihood assistance, distribution of fishing boats, floating resto, FLET training, IEC at mangrove rehab. Sa kabuuan, Php 12M ang napanalunan ng Claveria (+2M reg'l).

Sa ibang LGUs sali na sa MMK, para kayo ay magkaroon din ng tiyansang manalo ng Php 10M - 30M! 📧 Maximino Prudencio.



"MALINIS AT MASAGAHANG KARAGATAN"



THE SEARCH FOR THE COUNTRY'S OUTSTANDING COASTAL COMMUNITY

SUMALI SA PATIMPALAK PARA SA MGA NATATANGING PAMAYANAN NA MAY KAHANGA-HANGANG PANGANGASIWA AT PANGANGALAGA NG PANGISDAAN AT YAMANG-TUBIG

Criteria:

1. No illegal fishing

Ang ilegal na pangingsida katulad ng paggamit ng dinamita, mga nakakalasang kemikal at kuryente ay nagdudulot ng mabilis na pagkaubos ng isda na may negatibong epekto sa kabuhayan at seguridad sa pagkain. Ang mga batas pangisdaan at mga regulasyon ay dapat sundin. Maging mapagmatyag at ipagbigay-alam sa mga awtoridad ang nalalaman at nakikitang mga paglabag.

2. Observance of closed fishing season

Ang closed fishing season ay ang itinakdang panahon kung kailan ipinagbabawal ang panghuhuli ng isda sa isang partikular na lugar. Ang pagsunod sa closed fishing season na kadalasang naitataon tuwing spawning season o panahon ng pangitingitlog ay makakatulong upang ang mga isda ay makapagpamahi ng kanilang bilang.

3. establishment of marine protected areas

Ang marine protected areas (MPAs) ay ang protektadong bahagi ng dagat kung saan ang mga gawaing pantao ay mahigpit na pinangangasiwaan upang patuloy na mapangalagaan ang iba't-ibang uri at bilang ng mga isda lalo na ang mga paubos, bihira at nanganganib nang maubos, maging ang kanilang habitat o tirahan.

4. clean coastal waters without domestic and industrial wastes

Ang mga basura katulad ng plastik at kemikal na itinatapon sa dagat ay pumapatay sa maraming uri ng hayop katulad ng isda, sea turtles, seabirds, at marine mammals. Ang mga plastik sa dagat ay sumisipsip at naglalabas ng nakakalasang mga kemikal na maaaring maipasa sa mga tao mula sa mga kinakaing isda. Mahalaga ang maayos at masistemang pagtatapon ng mga basura o anumang dumi mula sa ating mga tahanan at pamayanan.

5. effective mangrove protection and rehabilitation program

Ang mangroves o mga bakawan ay nagsisilbing pangitlugaan at alagaan para sa maraming uri ng isda, alimango, hipon at mollusk. Pinipigilan din ng mangroves ang mga latak o deposito at pagguho mula sa mga alon at bagyo. Magtanim ng mga bakawan sa mga baybayin at mga nakalabong bakawan dahil dito mapagayayaman ang ating pangisdaan.



National
Winners
will receive:

Php 30 million - Grand Winner

Php 18 million - 2nd Place

Php 10 million - 3rd Place

Regional Winners will receive:

Php 2 million - Regional Winner

Php 1 million - 2nd Place

Php 500,000 - 3rd Place

Prizes will come in the form of fisheries livelihood projects.

For more information, please contact Bureau of Fisheries and Aquatic Resources Region 02 at Tel. No. (078) 304-5331 / (078) 396-9774 or e-mail us at bfar_ro2@yahoo.com.



Like and Add us on facebook
[@bfarcagayanvalley](https://www.facebook.com/bfarregion2)



Visit our website at
www.region2.bfar.da.gov.ph

